
## Kuwento 3 :
## Mahal ni Jesus ang mga bata

**Talata sa Bibliya [Mateo 19:14]**

**Pabayaan ninyong lumapit sa akin ang maliliit na bata, at huwag ninyo silang hadlangan, sapagkat ang kaharian ng langit ay sa mga tulad nila."**

Si Hesus ay dumating sa bayan ng mga hudyo kasama ang kaniyang mga alagad upang ipangaral ang kaharian ng Diyos.
Kung nasaan si Hesus ay naroon din nagtitipon ang mga tao.
Ang iba sakanila ay mga magulang na kasa-kasama ang kanilang mga anak.
Ang mga bata ay nasasabik na makatagpo si Hesus!
iyon siya! Si Hesus ay naroon! Ang mga bata ay nagtatalunang papunta sa tabi ni Hesus.
Nakita ni Hesus ang lahat,kayat pinagsabihan niya ang mga disipulo.
"Hayaan niyong lumapit sakin ang mga bata! Huwag niyo silang hadlangan,
sapagkat sila ay nabibilang sa kaharian ng Diyos! Mga minamahal kong disipulo, sasabihin ko sainyo ang katotohanan,
kinakailangan ninyong tanggapin ang kaharian ng Diyos katulad ng isang maliit na bata! Kung hindi,
ay hindi kayo makakapasok sa kaharian ng Diyos" Malugod na tinanggap ni Hesus ang mga bata.
Hinawakan niya sila at inilapat ang kaniyang Kamay sakanila at silay pinagpala.
Sa tuwing siya ay dumarating, malugod na tinatanggap ni Hesus ang mga bata- Hindi niya iniisip na Silay nakakaabala. Mahal niya sila at siya ay nalulugod sa kanila.



- **Isulat ang talata sa Bibliya at isaulo ito (Mateo 19:14)**

Pahintulutan mo ang mga bata at huwag mo silang hadlangan na lumapit sa akin.

**Gawain 1.** **Bakatin ang mga salita at idikit ang pulang kulay na papel sa linya para sa puso.**

Tayoay

Magkaibigan



Hesus

**Gawain 2.** Isipin ang natutunan natin ngayon at kulayan ang larawan sa ibaba.

